Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG NOBYEMBRE 5, 2015 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. German S. Acosta | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | -do- |
| Kgg. Dennes M Faner | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Tulay M. Caring | - | IPs Representative |

**HINDI NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Enrico C. Villas | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy.-**O.B.** |

x-----------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 15-11-127

**KAPASYAHANG HUMIHILING SA PAMAHALAANG PANLALAWIGAN SA PAMAMAGITAN NI KGG. ALFONSO V. UMALI, JR., PUNONG PANLALAWIGAN NA MATULUNGAN ANG MAUJAO NATIONAL HIGH SCHOOL, MAUJAO, BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA MAALIS ANG MGA MALALAKING BATO SA LOOB NG COMPOUND NG PAARALAN UPANG MAGAMIT NA PALARUAN**

**"SAPAGKAT,** ang Maujao National High School ay nakatayo sa bulubunduking lote na may mga malalaking batong nakakalat sa palibot nito;

**"SAPAGKAT,** pinagkasunduan ng namamahala sa paaralan, kasama ang mga magulang na sana ay maalis ang mga malalaking bato upang higit na kapakipakinabang ang lugar para sa ilang pasilidad na magpapalakas at magpapatingkad ng talento at kakayanan ng mga mag-aaral lalung-lalo na sa aspeto ng pangkalusugan;

**"SAPAGKAT,** sa kalapit na lote ng paaralan ay ang lupaing minamay-ari nina G. Henry Rosas at G. Sixto Flores na humihiling din na maalis ang malalaking bato upang mataniman ng mais at saging at maging produktibo; **kung kaya't dahil dito**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Hilingin sa Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ni Kgg. Alfonso V. Umali, Jr., Punong Panlalawigan na matulungan ang Maujao National High School, Maujao, Bulalacao, Silangang Mindoro na maalis ang mga malalaking bato sa loob ng compound ng paaralan upang magamit na palaruan;

CamScanner

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Senen C. Familara, pinangalawahan ni Konsehal Emelita A. Osorio at Konsehal Gideon B. Abuel, ang kapasyahang ito ay . . .

**PINAGTIBAY":** Nobyembre 5, 2015, Bulalacao, Silangang Mindoro.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

**GERMAN S. ACOSTA**
Konsehal

**GIDEON B. ABUEL**
Konsehal

**EMELITA A. OSORIO**
Konsehal

**EDWIN C. ACERON**
Konsehal

**SENEN C. FAMILARA**
Konsehal

**DEXTER R. GONZALES**
Konsehal

**DENNES M. FANER**
Konsehal

**RAMON G. MAGBANUA**
Konsehal

**TULAY M. CARING**
IPs Representative

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**EDNA C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 11-19-15

151110/PS.P/gpc